# ARALIN 26

1. Sino ang nagbigay ng panaginip kay Faraon?
-Ang Diyos.

2. Ano ang unang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Faraon?
-Pitong payat na baka ang kumain ng pitong matabang baka.

3. Ano ang pangalawang panaginip na ibinigay ng Diyos kay Faraon?
-Pitong manipis na uhay ang kumain ng pitong matabang uhay.

4. Sino ang nagbigay kay Jose ng pang-unawa sa mga panaginip ni Faraon?
-Ang Diyos.

5. Ano ang ibig sabihin ng parehong panaginip ni Faraon?
-Ang pitong taon ng masaganang ani ay kakainin ng pitong taon ng taggutom.

6. Paano tinupad ng Diyos ang mga panaginip na ibinigay Niya kay Jose noong bata pa si Jose?
-Ginawa ng Diyos si Jose na hari sa buong Ehipto.

7. Bakit dinala ni Jacob ang lahat ng kanyang pamilya sa Ehipto?
-Dahil si Jose ay naninirahan sa Ehipto.
-Dahil maraming pagkain sa Ehipto.

-Nang si Jacob at ang kanyang mga anak at ang kanilang mga pamilya ay lumipat sa Ehipto, sila ay pitumpu sa bilang.

Basahin natin ang Exodo 1:1-5



1-Ito ang mga pangalan ng mga anak ni Israel na dumating sa Ehipto kasama si Jacob; Bawat isa ay kasama ang kanya-kanyang sambahayan:
2-Sina Ruben, Simeon, Levi, Juda,
3-Isacar, Zebulon, Benjamin,
4-Dan, Neftali, Gad, at Aser.
5-Lahat ng taong nagmula sa balakang ni Jacob ay pitumpung katao, at si Jose ay nasa Ehipto na.

-Ano ang bagong pangalan na ibinigay ng Diyos kay Jacob?
-Israel.

-Ang mga lahi nina Abraham, Isaac, at Jacob ay tinawag ding Israel, o ang mga Israelita.

-Si Jacob, at ang kanyang anak na si Jose, at ang kanyang mga kapatid, at kasamang pamilya ay nanirahan sa Ehipto nang maraming taon.

-Natapos ang taggutom, at si Jose at ang kanyang mga kapatid ay patuloy na nanirahan sa Ehipto.

-Namatay ang kanilang ama na si Jacob, at si Jose at ang kanyang mga kapatid ay patuloy na nanirahan sa Ehipto.

-Paglaon, namatay si Jose at ang kanyang mga kapatid, at ang mga Israelita ay patuloy na nanirahan sa Ehipto.

Basahin natin ang Exodo 1:6

6-Namatay si Jose at ang lahat ng kanyang mga kapatid at ang buong salinlahing iyon.

-Dahil ang mga Israelita ay hindi bumalik sa lugar ng Canaan, at patuloy na nanirahan sa Ehipto sa loob ng maraming taon, sila ay nagsimulang dumami ng bilang.

Basahin natin ang Exodo 1:7

7-Ang mga anak ni Israel ay lumago at nadagdagang mabuti; Sila'y dumami at naging napakalakas kaya't ang lupain ay napuno nila.

-Pagkalipas ng maraming taon, namatay ang hari ng Ehipto, si Faraon.
-Pagkatapos, isang bagong Faraon ang pumalit sa kanya.

-Ang bagong Faraon ay hindi mabait tulad ng unang Faraon.
-Ang bagong Faraon ay napakasama.

Basahin natin ang Exodo 1:8-11

8-At may bumangong isang bagong hari sa Ehipto na hindi kilala si Jose.
9-Sinabi niya sa kanyang bayan, "Tingnan ninyo, ang sambayanan ng mga anak ni Israel ay mas marami at higit na malakas kaysa atin.
10-Halikayo, pakitunguhan natin sila nang may katusuhan, baka sila'y dumami at mangyari na kapag nagkaroon ng digmaan ay umanib sila sa ating mga kaaway, lumaban sa atin, at umalis sa lupain."
11-Kaya't naglagay sila ng mga tagapangasiwa upang pahirapan sila sa kanilang mga sapilitang paggawa. Kanilang ipinagtayo si Faraon ng mga lunsod imbakan, ang Pitom at Rameses.



-Ano ang ginawa ng bagong Faraon sa mga Israelita?
-Ginawa ni Faraon na alipin ang lahat ng mga Israelita.

-Bakit ginawang alipin ng Faraon ang mga Israelita?
-Dahil natakot si Faraon na sasakupin ng mga Israelita ang kanyang bansa.

-Bakit ikinatakot ng Faraon na baka sakupin ng mga Israelita ang kanyang bansa?
-Dahil ang mga Israelita ay dumami na ng bilang.

-Sino ang gumagabay kay Faraon na gawing alipin ang mga Israelita?
-Si Satanas.

-Bakit gustong lipulin ni Satanas ang mga Israelita?

-Dahil alam ni Satanas na ipinangako ng Diyos na ipadadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga Israelita.

-Napopoot si Satanas sa Diyos.
-Napopoot si Satanas sa lahat ng tao.

-Ayaw ni Satanas na ipadala ng Diyos ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng mga Israelita.

-Ayaw ni Satanas na dumating ang Tagapagligtas at iligtas ang mga tao.

-Napopoot si Satanas sa inyong lahat.
-Ayaw ni Satanas na makinig ka sa mensahe ng Diyos.

-Nais ni Satanas na mapunta kayong lahat sa Lawa ng Apoy.

-Kahit na gusto ni Satanas na lipulin ang Israel, pinangalagaan sila ng Diyos.

-Kahit na gusto ni Satanas na wasakin ang Israel, pinagpala sila ng Diyos.

-Bakit pinagpala ng Diyos ang mga Israelita?

-Dahil mahal ng Diyos ang mga Israelita.

-Dahil hindi sisirain ng Diyos ang Kanyang pangako kay Abraham, Isaac, at Jacob.

Basahin natin ang Exodo 1:12-14

12-Subalit habang kanilang pinahihirapan sila, lalo silang dumarami at lalong lumalaganap.  At kinasuklaman nila ang mga anak ni Israel.

13-Malupit na pinapaglingkod ng mga Ehipcio ang mga anak ni Israel;

14-At kanilang pinapait ang kanilang buhay sa pamamagitan ng mahirap na paglilingkod, sa luwad at sa tisa, at sa lahat ng uri ng gawain sa bukid;  At sa lahat ng kanilang gawain ay malupit silang pinapaglingkod.

-Kahit na pinahirapan ng Faraon ang Israel, lalo pang pinagpala ng Diyos ang Israel.

-Isang araw, binigyan ni Satanas si Faraon ng pangalawang masamang ideya.



Basahin natin ang Exodo 1:15-22

15-Ang hari ng Ehipto ay nagsalita sa mga hilot na mga Hebrea, na ang pangalan ng isa ay Sifra, at ang pangalan ng ikalawa ay Pua.

16-Kanyang sinabi,  “Paghilot ninyo sa mga babaing Hebrea at pagtingin ninyo sa kanila sa upuang panganganakan, kung lalaki ay papatayin ninyo;  Ngunit kung babae ay mabubuhay ito.”

17-Subalit ang mga hilot ay natakot sa Diyos at hindi nila ginawa ang gaya nang iniutos sa kanila ng hari ng Ehipto, kundi hinayaan nilang mabuhay ang mga batang lalaki.

18-Ipinatawag ng hari ng Ehipto ang mga hilot at sinabi sa kanila,  “Bakit ninyo ginawa ang bagay na ito at hinayaan ninyong mabuhay ang mga batang lalaki?”

19-Sinabi ng mga hilot sa Faraon,  “Sapagkat ang mga babaing Hebrea ay hindi gaya ng mga babaing Ehipcia.  Sila’y malalakas at nakapanganak na bago dumating ang hilot sa kanila.”

20-Kaya’t ang Diyos ay naging mabuti sa mga hilot;  At ang taong-bayan ay dumami at naging napakalakas.

21-Dahil ang mga hilot ay natakot sa Diyos, kanyang binigyan sila ng mga sambahayan.

22-Pagkatapos, iniutos ni Faraon sa kanyang buong bayan, “Itatapon ninyo sa ilog ang bawat lalaking ipanganak ngunit bawat babae ay hayaan ninyong mabuhay.”

-Ano ang pangalawang masamang ideya na ibinigay ni Satanas kay Faraon?

-Binigyan ni Satanas si Faraon ng ideya na lahat ng batang lalaking Israelita ay dapat paslangin.

-Alam ba ng Diyos na si Satanas ay nagplanong lipulin ang mga Israelita?
-Oo.

-Pahihintulutan ba ng Diyos si Satanas na lipulin ang mga Israelita?
-Hindi.

-Binantayan at pinangalagaan ng Diyos ang mga Israelita.

-Nagplano rin ang Diyos na kunin ang mga Israelita sa Ehipto, at pabalikin sa lugar ng Canaan.

-Plano ng Diyos na kunin ang mga Israelita mula sa Ehipto, at pabalikin sa lugar ng Canaan sa pamamagitan ng isang lalaking nagngangalang Moises.

-Narito ang kuwento ni Moises:

Basahin natin ang Exodo 2:1-4

1-May isang lalaki sa lipi ni Levi na humayo at nag-asawa ng isang anak na babae ni Levi.
2-Ang babae ay naglihi at nanganak ng isang lalaki. Nang kanyang makita na ito ay maganda, kanyang itinago ito ng tatlong buwan.
3-Nang hindi na niya ito maitago pa, ikinuha niya ito ng isang basket na yari sa papiro, at pinahiran niya ng betun at alkitran. Kanyang isinilid ang bata roon at inilagay sa talahiban sa tabi ng ilog.
4-Tumayo sa malayo ang kanyang kapatid na babae upang malaman ang mangyayari sa bata.



-Naniniwala ang ama at ina ni Moises sa Diyos.
-Naniniwala ang ama at ina ni Moises na pangangalagaan ng Diyos ang kanilang sanggol.

-Samakatuwid, binigyan sila ng Diyos ng ideya na ilagay ang sanggol na si Moises sa isang basket, at ilagay ang basket sa ilog ng Nile.

-Pinangalagaan ba ng Diyos ang kanilang sanggol na si Moises?

Basahin natin ang Exodo 2:5-10

5-Noon, ang anak na babae ni Faraon ay lumusong upang maligo sa ilog, at naglakad ang kanyang mga alalay na babae sa tabi ng ilog. Kanyang nakita ang basket sa talahiban at ipinakuha sa kanyang alalay.
6-Nang kanyang buksan ito, nakita niya ang bata; at narito, ang sanggol ay umiyak. At kanyang kinaawaan siya at sinabi, “Ito’y isa sa mga anak ng mga Hebreo.”
7-Nang magkagayo’y sinabi ng kanyang kapatid na babae sa anak ng Faraon, “Aalis ba ako upang itawag kita ng isang tagapag-alaga mula sa mga babaing Hebrea na mag-aalaga ng bata para sa iyo?”
8-Sinabi sa kanya ng anak ng Faraon, “Umalis ka.” Ang batang babae ay umalis at tinawag ang ina ng bata.
9-Sinabi ng anak ng Faraon sa kanya, “Dalhin mo ang batang ito at alagaan mo para sa akin at uupahan kita.” Kaya’t kinuha ng babae ang bata at inalagaan ito.
10-Ang bata ay lumaki at kanyang dinala ito sa anak ng Faraon, at ito’y naging kanyang anak. Kanyang pinangalanan siyang Moises, dahil sinabi niya, “Sapagkat aking iniahon siya sa tubig.”

-Ipinadala ng Diyos ang anak na babae ng masamang Faraon upang protektahan si Moises.

-Ipinadala ng Diyos ang anak na babae ng masamang Faraon upang ampunin si Moises.

-At si Moises ay namuhay kasama ang masamang Faraon at ang kanyang anak na babae.

-Bakit ipinadala ng Diyos ang anak na babae ni Faraon upang ampunin si Moises?

-Dahil plano ng Diyos na pamunuan ang mga Israelita palabas ng Ehipto sa pamamagitan ni Moises.

-Dahil plano ng Diyos na pamunuan ang mga Israelita mula sa pagkaalipin sa pamamagitan ni Moises.

-Alam ng Diyos na si Moises ay magiging ligtas sa bahay ni Faraon.

-Alam ng Diyos na si Moises ay matututong bumasa at sumulat sa bahay ni Faraon.

-Alam ng Diyos na maraming matututunan si Moises sa bahay ni Faraon na makatutulong sa kanya na pamunuan ang mga Israelita.

-Nais ni Faraon na lipulin ang mga Israelita, subalit sila'y pinangalagaan Diyos ang mga Israelita.

-Gusto rin ni Satanas at ng kanyang mga demonyo na lipulin ang mga Israelita, subalit pinrotektahan sila ng Diyos.



-Maaari bang pigilan ng sinumang tao ang gawain ng Diyos?
-Hindi.

-Maaari bang pigilan ng sinumang demonyo ang gawain ng Diyos?
-Hindi.

-Maaari bang pigilan ni Satanas ang gawain ng Diyos?
-Hindi.

-Ang Diyos ay makapangyarihan sa lahat.

-Pinoprotektahan ng Diyos ang Israel, at poprotektahan Niya ang lahat ng naniniwala sa Kanya.

-Si Moises ay lumaki sa bahay ni Faraon, at lumaki upang maging isang tunay na lalaki.

-Isang araw, lumabas si Moises upang tingnan kung gaano ang paghihirap ng mga Israelita sa ilalim ng pagkaalipin.

Basahin natin ang Exodo 2:11-14

11-Nang mga araw na iyon, nang malaki na si Moises, nagtungo siya sa kanyang mga kapatid, at nakita ang kanilang sapilitang paggawa. Kanyang nakita ang isang Ehipcio na binubugbog ang isang Hebreo na isa sa kanyang mga kapatid.
12-Siya'y tumingin sa magkabi-kabilang dako at nang siya'y walang makitang tao, kanyang pinatay ang Ehipcio at kanyang itinago sa buhanginan.
13-Nang siya'y lumabas nang sumunod na araw, may dalawang lalaking Hebreo na naglalaban; at kanyang sinabi sa gumawa ng masama, "Bakit mo sinasaktan ang iyong kasama?"

14-Sinabi niya, “Sinong naglagay sa iyo bilang pinuno at hukom sa amin? Iniisip mo bang patayin ako, gaya nang pagpatay mo sa Ehipcio?” Natakot si Moises at kanyang inisip, “Tiyak na ang bagay na ito ay alam na.”

-Nailigtas ba ng mga Israelita ang kanilang sarili mula sa Faraon?
-Hindi.

-Sinubukan ni Moises na iligtas ang mga Israelita mula sa Faraon, at nakapatay ng isa sa mga Ehipsiyo.

-Subalit nalaman ng Faraon na pumatay si Moises ng isang Ehipsiyo.

-Ano ang ginawa ng Faraon?

Basahin natin ang Exodo 2:15a

15-Nang mabalitaan ng Faraon ang bagay na ito, ninais niyang patayin si Moises. Subalit si Moises ay tumakas mula kay Faraon at nanirahan sa lupain ng Midian.

-Subalit si Moises ay tumakas mula kay Faraon at nanirahan sa lupain ng Midian. Siya’y umupo sa tabi ng isang balon.

-Nalaman ng Faraon na pumatay si Moises ng isang Ehipsiyo.

-Kaya sinubukan ni Faraon na patayin si Moises.

-Natakot si Moises, at tumakas.
-Tumakbo si Moises sa lupain ng Midian.



-Nailigtas ba ni Moises ang mga Israelita mula sa Faraon?
-Hindi.

-Sinubukan ni Moises na iligtas ang mga Israelita mula sa Faraon, subalit hindi siya nagwagi.

-Sino ang tanging nag-i-Isa na nakapagligtas sa mga Israelita mula kay Faraon?

-Ang Diyos.

-Sino ang tanging makapagliligtas sa mga tao mula kay Satanas?

-Ang Diyos.

-Tulad ng mga Israelita na binihag ni Faraon, lahat ng tao ay binihag ni Satanas.

-Tulad ng hindi nailigtas ng mga Israelita ang kanilang sarili mula sa Faraon, hindi rin kayang iligtas ng lahat ng tao ang kanilang sarili mula kay Satanas.

-Tulad ng hindi nailigtas ni Moises ang mga Israelita mula sa Faraon, walang ibang tao ang makapagliligtas sa atin mula kay Satanas.

-Tulad ng Diyos lamang ang nakapagligtas sa mga Israelita mula sa Faraon, ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa lahat ng tao mula kay Satanas.

-Sa susunod na aralin, mas matututuhan natin si Moises.